KOMISYON SA WIKANG FILIPINO • 1991 •

Bukás na sa mga nominasyon!

DANGAL NG PANITIKAN 2021

12 MARSO 2021
Huling araw ng pagsusumite

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
DATE: 2/18/2021
TIME: 2:58
BY:
DIVISION OF NUEVA VIZCAYA

DANGAL NG PANITIKAN 2021, bukás na sa mga nominasyon!

1. Ang Dangal ng Panitikan ay ang mataas na pagkilála sa naiambag sa panitikang Filipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nitó ang natatanging manunulat na nagpakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at ibá pang wikang panrehiyon o panlalawigan.

2. Bukás ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Filipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taón.

4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Filipino at mga katutubong wika ng Filipinas (kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)

5. Ang mga nominado ay marapat na manggáling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.

6. Pára sa onlayn na nominasyon, sagutan ang pormularyo sa link na ito https://forms.gle/CJuAonoKajcTfnv57 at ihanda ang sumusunod na dokumento na naka-pdf format: (1) KWF Pormularyo sa Nominasyon; (2) Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina; (3) Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at (4) Mga pruweba sa katipunan ng mga akda na nagpapakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

7. Pára sa nominasyon na ipadadalá sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang sumusunod na dokumento na binanggit sa bílang 6 at ipadalá sa:

Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2021
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

8. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 12 MARSO 2020, 5nh.

9. Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng KWF sa Araw ni Balagtas, 2 Abril 2021.

10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

ADVISORY	Date: 2-19-21	Released (Records):
To:	(✓) ~~RSDS/DICs~~	(✓) ~~Elem/Sec School Heads~~
	( ) Private Schools	( ) Others:
For:	(✓) Information	(✓) Dissemination
	( ) Guidance	( ) Strict Compliance

RACHEL R. LLANA PhD, CESO VI
OIC, Office of the Schools Division Superintendent

By: ☐ SDS ☑ CID Chief ☐ SGOD Chief ☐ AO ☐ Atty. Signature: